


KLASE SA HISTORIOGRAPIYA NI DR. ZEUS SALAZAR

BAKAS

# MARTES sa ESCALER

Mark Joseph P. Santos
Axle Christien J. Tugano
*mga patnugot*

# PAGSASARA NG TABING: KONKLUSYON SA MAKABULUHANG *MENTORING* NI DR. ZEUS A. SALAZAR

*Axle Christien J. Tugano*

Katulad ng laging binabanggit ni Prop. Michael Charleston B. Chua ng Pamantasan ng De La Salle, *"Hindi man ako naging direktang naging mag-aaral ni Dr. Salazar, mapalad padin akong nakilala ko siya at natuto ng kahalagahan ng Pantayong Pananaw."* Marahil ito rin ang sumasambulat sa mga nais maging mag-aaral ng paham na si Salazar. Isang metapora ng kometa o isang bakunawa ang pagdating ng isang Dr. Salazar sa Sintang Paaralan partikular na sa Kagawaran ng Kasaysayan dahil pinagyaman niya/tinutulungang makaalpas ang ningning ng aming kagawaran tungo sa mayamang pag-aaral sa kasaysayan.

Samu't saring bagay pa ang nalaman/nalalaman naming mga guro sa bawat sesyon ng *Martes.* Hindi sapat na sabihin na ikaw ay guro bagkus marami pang bagay ang kailangan mong malaman mula sa isang paham at eksperto. Maraming makabagong kaalaman akong nalaman mula sa sesyon katulad ng mga nabanggit na sa itaas

(partikular halimbawa na walang *lahing Pilipino,* ang mayroon lamang ay kulturang Pilipino; iba ang *Philosophy of History* ng *national history, local history, regional history* at *world history;* at marami pang iba). Hindi lamang sa kasaysayan at historiograpiya ang nililinang ni Salazar sa bawat isipan bagkus kalakip niyang ikinikintal sa amin ang mga natatanging pilosopiya at moralidad ng isang tunay na historyador at iskolar.

*"Nakikita ko ang PUP bilang UP nang nagsisimula palamang ito,"* tiwalang pagbabanggit ni Dr. Salazar. Ang simulain ay kanyang unang iginawad sa hanay ng mga mag-aaral. Hindi natural ang pagpapapunta sa kanyang tahanan at doon ay tila magkakaroon ng preparasyon ng bawat pangkat sa kanilang pag-uulat sa klase. Hindi ito usapin na *"que so pro bono"* ang kanyang ginagawa bagkus isa itong katangian ng isang mahusay na *mentor/mentoring* na wala ang ibang kaguruan sa iba't ibang pamantasan. Ako man na isa nang ganap na guro, sa aking sariling pagmumuni, marami parin akong hindi nalalaman/nababatid sa kasaysayan na sa mga sesyon ng pagpupulong sa kanyang bahay ko lamang natutuhan/nalaman.

Sa bawat *Martes* sa *Escaler,* naituro ng paham sa mga mag-aaral ng PUP ang tunay na esensiya ng dalawang bagay: (1) metodolohiyang pangkasaysayan partikular na ng kritikang panloob at panlabas at (2) mga pantulong na disiplina sa kasaysayan katulad ng mga nabanggit na sa introduksyon at kabuuang daloy ng aklat. Ipinako ng bawat Martes ang talastasan, mga plano, at deliberasyon sa iisang "pananaw" o anggulo na kung paano tingnan ang kasaysayan ng mga Pilipino.

Bilang bahagi ng maikling konklusyon at pangwakas, apat na bagay lamang ang nais kong tumbukin hinggil sa kabuuang katangian ng aklat na ito: (1) pag-uugat nito sa kahalagahan ng kasaysayan sa ibang disiplina at wasto/ "tunay" na historiograpiya; (2) pag-uugnay nito sa

kasakulukuyang panahon; (3) pagiging batis sa hinaharap; (4) pagtuturo at pagpapasa ng tradisyon.

Iniugat ng bawat *Martes* ang inter/multi-disiplinaryong relasyon ng kasaysayan sa iba't ibang disiplina. Kung gagamitin muli ang kaantasan ng metapora, tila isang malaking lubid ang kasaysayan na binubuo ng bawat maninipis na hibla na siyang nagiging matibay sa oras na pinagbigkis-bigkis ang lahat ng ito. Ang lubid ay sumisimbolo sa kasaysayan at ang bawat hibla ay ang mga ibang disiplina. Sa oras na maputol (hindi mabigyan ng pansin) ang bawat lubid, mawawalan ng "saysay" ang kasaysayan. Sa madaling salita, pinagtagumpayan ng bawat *Martes* na pagtuunan ng pansin ang mas malalim na pagtingin sa disiplina ng kasaysayan sampu ng metodolohiya nito. Naihugpong ng bawat sesyon ang "saysay" ng kasaysayan sa antropolohiya at arkeolohiya; sosyolohiya at linggwistika; ekonomiks at sikolohiya; agham pampulitika at kaalamang bayan; biograpiya at kasaysayang pampook; kasaysayang pambansa at pandaigdig; imperyalismo at kolonyalismo at mga katuturan ng mga kolonisador; panitikan; at sinema at sekta. Sa ganang ito, malinaw at matagumpay na ibinahagi ng bawat mag-aaral ang kanilang mga ulat sa kani-kanilang disiplinang tinatalakay. Masugid ding "nanggigisa" si Dr. Salazar sa mga tagapag-ulat na siya namang tipikal niyang katangian nang siya'y nagtuturo pa lamang sa Unibersidad ng Pilipinas.

Kakikitaan din ang bawat *Martes* ng pag-uugnay sa kasaysayan at sa kasalukuyan (*current events*). Malinaw sa lahat ng sesyon sa *Martes* na kahit sa mga biro, singit-singit na usapan, at kwento ay may napupulot tayong bagong kaalaman. Madalas na iniuugnay ni Dr. Salazar ang lahat sa kasalukuyang kaganapan. Marahil dito papasok ang tinatawag nating ugnayang pangyayari o *conjuncture* o ang pag-uugnay sa nakaraan at sa kasalukuyang kaganapan. (Bagama't magkaiba ang kahulugan at konsepto ng "*conjuncture*" ni Fernand Braudel sa kanyang pag-aaral noong 1970s). Madalas na mauulinigan sa bawat usapan ang

tumbasan ng "nakaraan" sa "kasalukuyan" sa pamamagitan nga ng pagbibigay ng halimbawa (*i.e.* Aguinaldo ng 2017, parang Pilandok si Duterte… etc.). Lehitimo ang ganitong mga taktika nang sa gayo'y magkaroon ng mas malalim na interes ang bawat mag-aaral hindi lamang sa pag-aaral ng kasaysayan bagkus kung paano mauunawaan ang kasalukuyan gamit ang nakaraan.

Sa kabilang banda, ang mga kaganapan sa bawat *Martes* ay maaaring maging batis sa hinaharap. Isa itong rekord na maaaring maging dulog hinggil sa panimulang pag-aaral sa Pantayong Pananaw (sa oras na ito'y mamatay diumano ayon sa isang talipandas na gurong kritiko nito) ng mga mag-aaral sa hinaharap at katibayan na minsa'y tinubuan ng magaling na historyador ang bansang Pilipinas. Ang *Martes* ay maituturing bilang isang tala ng "buhay" sa kabilang banda, isang anekdota na rin ng mga taga-PUP kasama si Dr. Salazar. Nagiging interesante ang pagsusulat hinggil sa karanasan ng lahat sa Escaler sapagkat naimomortalisa nito ang "buhay" ng taong sumulat ng mga kaalamang nabatid at mga karanasan. Sa pagkakataong ito, nananatiling buhay ang kanilang mga isinulat pagkatapos ng kanilang kamatayan. Ayon nga sa iskolar/pilosopo na si Norman Oliver Brown,[183] tanging "tao" lamang sa santinakpan ang may kamalayan *(consciousness)* na siya'y mamamatay sa hinaharap. Ang katangian nito ay hindi makikita sa anumang uri ng hayop. Kung kaya't ang "tao" lamang ang takot sa kanyang kamatayan. Dulot ng pagkatakot, pinipilit niya itong matakasan. Kung hindi tayo makaliligtas sa pisikal na kamatayan, makaliligtas naman ang ating mga nagawa at naisulat sa porma ng "ala-ala." Kaya naman nagsisimula siyang sumulat habang buhay pa at ito ang magsisilbing panimula ng pagsusulat ng kasaysayan. Sa madaling salita, ang *Martes sa Escaler* ay isang resulta ng

---

[183] Norman O. Brown, *Life Against Death: The Psychoanalytical Meaning of History* (Connecticut: Wesleyan University Press, 1959). Salamat kay Kevin "Ose" Martija para sa impormasyon ukol sa aklat na ito.

pagiging "takot" ng bawat isa. Bagama't malabong mamatay ang ipinaglabang Pantayong Pananaw (na ayon kay Dr. Salazar, hindi pa ipinapanganak ang papatay dito), ebidensiyang imortal ang naisulat nang *Martes sa Escaler* (na masusundan pa nga ng susunod na tomo bilang panibagong isyu na hinggil naman sa pilosopiya ng kasaysayan) na nagkaroon ang PUP ng isang maayos na pag-aaral sa kasaysayan.

Panghuli, ang katangian ng *Martes sa Escaler* ay isang pagtatangka o pagpapasa ng tradisyon (*mentoring*) sa lahat ng mga mag-aaral ng kasaysayan.[184] Pagpapasa ito ng "baton" sa mga nakakabatang nag-aaral ng kasaysayan. Tinuturo ni Dr. Salazar sa aming lahat na nagsisimula sa maayos na *mentoring* ang pagtuturo ng kasaysayan. *"Kahit magkaroon lang ng limang seryosong historyador ang PUP, ayos na ito"*, ani ni Dr. Salazar. Isa ang pagsusulat ng *minutes* o katitikan na nauwi sa pagiging libro ang naituro ni Dr. Salazar sa PUP bilang preliminaryog hakbang sa pagtatala ng kasaysayan. Nauna niya na itong nagawa sa UP at La Salle, mga paaralang kanyang pinagturuan. Sa kabila ng pagmamaliit ng mga kritiko sa *Martes* na "*minutes lang, naging libro na,*" hindi maitatatwa na malaki ang nagiging ambag ng ganitong pagtatala sa pagsusulat ng mga saliksik sa hinaharap. Isang halimbawa rito si Dr. Ramon Guillermo nang sulatin niya ang *Pook at Paninindigan* na mababanaag ang ilan sa kanyang mga sanggunian ay ang *minutes* na isinulat nila sa panahon ng pagtuturo ni Dr. Salazar sa kanila.

Ang *Martes sa Escaler* ay isang pamana ni Dr. Salazar sa lahat ng kaguruan at mag-aaral sa PUP at sa mga susunod pang henerasyon.

---

[184] Sa aming pag-uusap minsan ni Dr. Vicente C. Villan ng UP Departamento ng Kasaysayan, nabanggit niya sa akin na namana nila (Atoy Navarro, Nancy Kimuell-Gabriel, at iba) ang kabutihan at paraan ng *mentoring* ni Dr. Zeus Salazar Bagama't mahigpit na guro ang huli, naging mahusay itong mentor sa lahat ng kanyang mga mag-aaral. Ani pa nga ni Dr. Villan, *"bakit mo ipagdadamot ang paksa at tulong sa ibang batang hstoryador, eh hindi naman natin kayang pag-aralan yan lahat. Ganyang ang natutuhan namin kay Salazar... ang hindi maging madamot lalo sa mga nag-aaral at mayroong interes sa kasaysayan..."*